Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-18 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 188-2019.

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA KUMIKILALA O' NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA DEPARTMENT OF EDUCATION NATIONAL EMPLOYEES' UNION (NEU), MALOLOS CHAPTER, NA MAPABILANG SA ACCREDITED NON-GOVERNMENT ORGANIZATION (NGO) NG LUNGSOD NG MALOLOS.

PANGUNAHING MAY-AKDA: IGG. FRANCISCO J. CASTRO,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
IGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE, IGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
IGG. EMMANUEL R. SACAY, IGG. MICHAEL M. AQUINO, IGG. EDGARDO F. DOMINGO,
IGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, IGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
IGG. DIONISIO C. MENDOZA AT IGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** ang Department of Education National Employees' Union (NEU), Malolos Chapter, ay naghain ng aplikasyon para sa kaukulang pagkilala at akreditasyon ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang mga samahang tulad ng Non-Government Organization (NGO) ay binibigyan ng kahalagahan ng ating Saligang Batas, gayundin ay binibigyan ng pagkakataong makilahok sa pagbubuo ng isang matatag na bansa (nation building);

**SAPAGKAT,** ayon sa *Section 34 ng Republic Act 7160,* kilala sa taguring *Local Government Code of 1991*, na ang yunit ng Pamahalaang Lokal ay may tungkulin sa promosyon ng pagtatatag at pagkilos ng samahan ng mamamayan, partikular ang *People's Organization (PO's) at Non-Government Organization* (NGO's), upang maging aktibong kabalikat ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng bayan o' partikular ang yunit ng pamahalaang lokal;

**SAPAGKAT,** batay sa *Article 64 "Implementing Rules and Regulations Republic Act 7160"* ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magsagawa ng pagkilala sa mga "NGO" na umiiral sa nasasakupan ng isang Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay nagbibigay ng pagkilala sa mga kahalintulad nito na umiiral sa Lungsod na nakatuon sa paglilingkod sa mga mamamayan at sa gawaing pagpapaunlad ng bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga NGO ay binibigyan ng ganitong pagkakataon na makaganap o' makilahok batay sa pagkilala ng Sangguniang Panlungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Department of Education National Employees' Union (NEU), Malolos Chapter ay nakatugon sa mga rekositos na itinadhana ng *Department of Interior and Local Government (DILG), Memorandum Circular No. 2019-72;*

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng Sangguniang Panlungsod ng pagkilala o' akreditasyon sa nasabing NGO ay magbibigay-daan upang mapabilang sa "Accredited NGO" ng lungsod ng Malolos, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Francisco J. Castro na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Isang Kapasiyahang Panlungsod na kumikilala o' nagbibigay akreditasyon sa Department of Education National Employees' Union (NEU), Malolos Chapter, na mapabilang sa Accredited Non-Government Organization (NGO) ng Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

****KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*091819